

Bakuna para sa Napapanahong Trangkaso

Mga Virus na Trangkaso

Regular na Pag-update ng mga Strain ng Bakuna

Mga Pagpipiliang Bakuna

Pagbabakuna: Sino at Kailan?

Mga Pag-iingat at Epekto para sa mga Bakuna ng Trangkaso

Pangkalahatang Payo

Komunikasyon sa Iyong Doktor

Paglabas at Porma ng mga Bakuna sa Trangkaso

Pag-iimbak at Tagal ng Buhay

Mga Virus na Trangkaso

Ang Napapanahong Trangkaso (“flu”) ay isang malubhang respiratory na impeksyon na sanhi ng mga virus sa trangkaso. Ang Outbreak ay nangyayari sa buong mundo at pangunahing naililipat sa pamamagitan ng mga patak mula sa respiratory system. Kabilang sa mga pangkaraniwang sintomas ang masamang karamdaman, malubhang lagnat, sipon, ubo, sakit ng ulo, sakit ng katawan, at pamamga ng lalamunan. Sa mga malulubhang kaso, maaaring magkaroon ng mga komplikasyon tulad ng pagkabigo sa paghinga o kamatayan.

Mayroong tatlong pangunahing uri ng virus sa trangkaso nak ilala na nakakaapekto sa mga tao: A, B, at C. Sa Hong Kong, ang trangkaso ay kadalasang mas karaniwan tuwing dalawang yugto: mula Enero hanggang Marso/ Abril at mula Hulyo hanggang Agosto.

Ang klasipikasyon at pagpapangalan ng mga virus sa trangkaso ay sumusunod ng sa mga tagubilin na itinatag ng World Health Organization (WHO). Ang Type A na virus sa trangkaso ay mas kinakategorya sa mga mas maliliit na uri ayon sa ala pang surface antigen: haemagglutinin (H) at ang neuraminidase (N). Ang virus sa trangkaso na Type B ay hindi inuuri sa “H” at “N” na mas maliit na uri ngunit nahahati sa mga tukoy na lahi: B/ Yamagata o B/ Victoria na lahi.

Ang mga virus sa trangkaso ay sumasailalim sa hindi nagbabagong henetikong pagbabago. Bawat taon, ang WHO ay magpupulong upang aralin ang mga datos na binantayan at magrekomenda ng mga komposisyon ng mga bakuna sa trangkaso para sa parating na panahon ng trangkaso. Dahil sa pagkakaiba ng oras ng panahon ng trangkaso sa pagitan ng Northern Hemisphere at Southern Hemisphere, ang

WHO ay magbibigay ng bukod na rekomendasyon sa bawat rehiyon.

Para sa Northern Hemisphere, ang WHO ay karaniwang nag-aanunsyo ng mga inirekomendang mga strain sa Pebrero/ Marso, na nagbibigay ng sapat na oras para sa paggawa ng bakuna bago pa ang panahon ng trangkaso sa taglamig, na karaniwang nag-uumpisa tuwing katapusan ng parehong taon. Para sa Southern Hemisphere, ang mga inirekomendang strain sa pangkalahatan ay inaanunsyo sa Setyembre, sa paghahanda para sa panahon ng trangkaso sa taglamig sa Hunyo o Hulyo ng sumunod na taon.

Kabilang sa tipikal na rekomendasyon ng WHO ang mga formulation para sa parehong trivalent at quadrivalent na bakuna. Ang trivalent na bakuna sa pangkalahatan ay bumubuo sa dalawang strain ng virus Influenza A – isang H1N1 mas maliit na uri at isang H3N2 na mas maliit na uri, at isang strain ng virus na Influenza B. Kabilang sa quadrivalent vaccine ang mga karagdagang nstrain ng virus ng Influenza B mula sa mga alternatibong lahi.

Ang mga rekomendasyong ito ay nakabase sa pandaigdigang sistema ng pagbabantay at monitoring na nagtatala ng mga umiiral na strain ng trangkaso, kabilang na rin ang mga pagsusuri ng pagiging epektibo ng mga bakuna mula sa nakaraang panahon. Kasunod ng anunsyo ng WHO, ang mga gumagawa ng bakuna ay nag-uumpisa ng produksyon ayon sa mga inirekomendang strain. Ang gabay ng WHO ay isang kritikal na sangkap sa pagsisikap sa pandaigdigang pampublikong kalusugan upang mabawasan ang epekto ng napapanahong trangkaso.

Regular na Pag-update ng mga Strain ng Bakuna

Sumasailalim ang mga virus ng trangkaso sa madalas at mabilis na pagbabago. Sa unang tingin, ang mga virus na ito ay mga antigen, na umiiral bilang mga “tatak ng daliri” na tumutulong sa immune system ng mga tao na makilala at labanan ang lumulusob na organismo. Ang mga antigen ay importante para sa pagkilala ng mga strain ng virus.

Sa katotohanan, ang mga antigen na virus ay madaling baguhin, na nagbibigay buhay sa mga bagong uri ng virus na maaaring makaapekto sa komunidad. Karamihan sa mga pagbabagong ito ay maliliit lamang at karaniwang tinatawag na antigenic drift. Subalit, kung magkaroon ng malaking pagbabago, na kung tawagin ay antigenic shift, maaari itong magdulot sa pagkakaroon ng naiibang virus, na maaaring magresulta sa pandemic sa trangkaso (pandaigdigang outbreak). Ang patuloy na ebolusyong ito ang

pangunahing dahilan kung bakit kialangang i-update ng regular ang mga strain ng bakuna sa trangkaso.

Ang pag-iwas ay mas mabuti kaysa paggamot. Ang impeksyon sa trangkaso ay kadalasang umaatake ng biglaan at maaaring maging malala. Upang madepensahan laban sa mga naturang atake, kailangan ng katawan ng tao na makapagbuo ng sapat na antibodies, na maituturing na mga sundalo ng immune system. Nagsisilbi ang bakuna bilang maagap na hakbang na nakakatulong na magbuo ng immunity sa katawan laban sa patuloy na umuusbong na mga virus ng trangkaso.

Kung sa gayon, mahigpit na inirerekomenda na tumanggap ng taunang bakuna sa trangkaso. Ang Immunization ay nagbibigay ng paunang proteksyon, na nagpapabawas ngantas ng panganib ng pagkakaran ng malubhang sakit, at nakatutulong makaiwas sa mga seryosong komplikasyon at kamatayan na may kinalaman sa impeksyon ng trangkaso.

Mga Pagpipiliang Bakuna

Mayroong tatlong uri ng bakuna ng trangkaso na kasalukuyang nakarehistro at inirerekomendang gamitin sa Hong Kong ayon sa Scientific Committee on Vaccine Preventable Diseases:

(a) Hindi Aktibong Bakuna ng Trangkaso (abbreviated: IIV) – ibinibigay sa pamamagitan ng injection

Ang hindi aktibong bakuna ng trangkaso (IIV) ay ibinibigay gamit ang mga virus ng trangkaso na hindi na aktibo (patay) sa oras ng proseso ng paggawa.

(b) Recombinant na Bakuna sa Trangkaso (abbreviated: RIV) – ibinibigay sa pamamagitan ng injection

Ang Recombinant na bakuna sa trangkaso (RIV) ay ginagawa nang hindi ginagamitan ng virus sa trangkaso o itlog ng manok. Sa halip ito ay mayroong mga haemagglutinin – isang uri ng protina ng virus sa trangkaso na nabubuo sa pamamagitan ng teknolohiyang recombinant.

Bilang resulta, hindi ang IIV o RIV ay makakapagdulot ng trangkaso.

(c) Live-attenuated na Bakuna sa Trangkaso (LAIV) – ibinibigay bilang spray sa ilong

Ang live-attenuated na bakuna sa trangkaso (LAIV) ay mayroong mga mahihina (attenuated) sa virus ng trangkaso na pinroseso upang mapigilan ang mga ito na magdulot ng trangkaso sa mga immunocompetent na mga tao.

Pagbabakuna: Sino at Kailan?

Ang bakuna sa trangkaso ay inirerekomenda sa lahat ng mga indibidwal edad 6 na buwan o pataas, maliban sa mga may tukoy na kontra-indikasyon. Partikular na importante ito sa mga may mataas na antas ng panganib ng impeksyon o komplikasyon, tulad ng mga matatanda, bata, mga buntis, pasyenteng may malubhang sakit (tulad ng sa puso, baga, bato, metabolic na sakit, at immune insufficiency), mga tagapangalaga ng kalusugan, mga nagtatrabaho sa manukan, mga nag-aalaga ng baboy, at ang iba pang mga tao na may trabahong naglalagay sa kanila sa mataas na antas ng panganib na makakuha ng trangkaso. Bilang karagdagan, ang mga residente ng mga tahanang nagbibigay kalinga para sa mga matatanda o mga taong may kapansanan, pati na rin sa mga indibidwal na labis ang katabaan (i.e. mga taong may Body Mass Index (BMI) value ≥ 30), ay pinapayuhan ring makakuha ng bakuna dahil sa mataas na antas ng panganib ng kumplikasyon mula sa trangkaso.

Pinapayo na tumanggap ng bakuna sa trangkaso bago ang umpisa ng panahon ng trangkaso sa taglamig. Kailangang magkaroon ng sapat na oras ang katawan na magkaroon ng immunity, na karaniwang nangyayari ng mga dalawang linggo pagkatapos ng pagbabakuna.

Para sa mga batang edad 6 na buwan hanggang sa mas mababa sa 9 na taon na tatanggap ng bakuna sa trangkaso sa unang pagkakataon, kailangang bigyan sila ng pangalawang dosis. Kailangang ibigay ang pangalawang dosis ng hindi bababa sa apat na lingo pagkatapos ng paunang dosis, ayon sa iskedyul ng bakuna ng propesyunal na tagapangalaga ng kalusugan.

Hindi Aktibong Bakuna sa Trangkaso (Inactivated Influenza Vaccine o IIV)

Ibinibigay ang IIV sa pamamagitan ng injection at sa pangkalahatan ay inilalaan para sa mga indibidwal na edad 6 na buwan at mas matanda pa, depende sa tukoy na brand. Hindi ito dapat gamitin sa mga indibidwal na may kontraindikasyon laban sa bakuna.

Live-attenuated na Bakunas a Trangkaso (Live-attenuated Influenza Vaccine o LAIV)

Ang LAIV ay ibinibigay bilang isang spray sa ilong at inilalaan sa mga indibidwal na edad 2 taon hanggang 49 na taon. Subalit, hindi ito dapat ibigay sa mga indibidwal, na

may ano man sa mga sumusunod na kondisyon:

- (a) Kasaysayan ng malubhang allergic na reaksiyon sa ano mang nilalaman ng bakuna o pagkatapos ng nakaraang dosis ng ano mang bakuna sa trangkaso;
- (b) Mga bata at Kabataang tumatanggap ng concomitant aspirin o lunas na naglalaman ng salicylate;
- (c) Mga batang edad 2 hanggang 4 na taon na mayroong hika o mayroong kasaysayan ng pagkahapo ng hinga sa loob ng 12 buwan;
- (d) Mga indibidwal na immunocompromised;
- (e) Mga malapit na contact at mga tagapangalaga ng mga immunosuppressed na indibidwal na nangangailangan ng proteksyon sa paligid;
- (f) Mga buntis; at
- (g) Mga indibidwal na tumanggap ng medikasyong antiviral para sa influenza sa loob ng nakaraang 48 na oras.

Recombinant na Bakuna sa Trangkaso (Recombinant Influenza Vaccine o RIV)

RIV ay ibinibigay sa pamamagitan ng injection at inilalaan para sa mga indibidwal na edad 18 taon o pataas, maliban na lamang sa mga may alam na kontraindikasyon.

Mga Pag-iingat at Epekto para sa mga Bakuna ng Trangkaso

Ang mga indibidwal na may alam na kasaysayan ng malubhang hypersensitivity sa nakaraang dosis ng bakuna sa trangkaso o ano mang nilalaman nito ay hindi na dapat makatanggap pa ng bakuna. Ang mga nilalaman ng bawat tukoy na bakuna ay nakalisa sa mga naaangkop na polyeto ng produkto at kailangang aralin bago ito ibigay.

Mga Epekto ng IIV

Kasunod ng pagbibigay ng IID, ang ibang mga indibidwal ay maaaring makaranas ng mga sumusunod na epekto:

Lugar	Paglalarawan	Dalas
Lugar ng Injection	Sakit	Napaka karaniwan
	Pamumula, pamamaga, at paninigas	Karaniwan
	Pangangati	Hindi karaniwan
Pangkalahatan	Sakit sa kalamnan, pagod	Napaka karaniwan
	Lagnat, sakit ng ulo, pagpapawis, panginginig, sakit sa kasu-kasuan,	Karaniwan

	sakit sa tiyan (hal. pagsusuka, pagduduwal, pagtatae, sakit ng tiyan)	
	Pagkahilo	Hindi karaniwan
Pangkalahatan	Anaphylaxis, Guillain-Barré Syndrome (GBS), Oculo-respiratory Syndrome (ORS)	Sobrang bihira

Napaka karaniwan (≥1/10)

Karaniwan (≥1/100 to <1/10)

Hindi Karaniwan (≥1/1,000 to <1/100)

Bihira (≥1/10,000 to <1/1,000)

Sobrang bihira (<1/10,000)

Para sa mga indibidwal tulad ng mga bata, na hindi pa kailan man nakatanggap ng bakuna sa trangkaso, ang lagnat, sakit sa kalamnan, at hindi magandang pakiramdam sa pangkalahatan ay maaaring maramdaman. Ang mga sintomas na ito ay karaniwang nakikita sa loob ng 6 hanggang 12 oras pagkatapos ng bakuna at sa pangkalahatan ay nagtatagal ng 1 haggang 2 araw. Kung magpatuloy ang lagnat o hindi Magandang pakiramdam, ipinapayo na kumonsulta sa iyong doctor para sa ibayong pagsusuri.

Bihira ngunit hindi seryosong allergic na reaksiyon, tulad ng pamamantal, pamamaga ng bibig o dila, at hirap sa paghinga, na karaniwang nangangailangan ng agarang medikal na atensyon.

Epekto ng LAIV

Kabilang sa mga pinaka karaniwang epekto kasunod ng pagbigay ng LAIV ang: matubig o baradong sipon (sa mga indibidwal ng lahat ng edad); lagnat (lalo na sa mga bata); at pamamaga ng lalamunan (lalo na sa mga may edad). Ang mga epekto sa pangkalahatan ay banayad at limitado.

Lugar	Paglalarawan	Dalas
Lokal (ilong)	Matubig o baradong ilong	Napaka karaniwan
	Pagdurugo ng ilong	Hindi karaniwan
Pangkalahatan	Walang ganang kumain, panghihina, pagiging irritable, sakit ng ulo	Napaka karaniwan
	Lagnat, pamamaga ng lalamunan,	Karaniwan

	ubo, sakit ng kalamnan, panginginig	
	Pamamantal, allergy	Hindi karaniwan
Pangkalahatan	Malalang allergic na reaksyon (hal. pamamaga ng mukha at dila, pagkahapo ng hininga), Guillain-Barré Syndrome	Napaka Bihira

Napaka karaniwan ($\geq 1/10$)

Karaniwan ($\geq 1/100$ to $< 1/10$)

Hindi Karaniwan ($\geq 1/1,000$ to $< 1/100$)

Bihira ($\geq 1/10,000$ to $< 1/1,000$)

Sobrang bihira ($< 1/10,000$)

Ang mga bata at Kabataang edad sa pagitan ng 2 at 17 taon ay hindi dapat uminom ng ano mang medikasyon na mayroong aspirin o salicylates sa loob ng hindi bababa sa 4 na linggo kasunod ang pagbibigay ng LAIV, dahil sa taas ng panganib ng pagkakaran ng bihira ngunit hindi malalang kondisyon nak ilala bilang “Reye’s Syndrome”.

Epekto ng RIV

Kasunod ng pagbigay ng RIV, ang ibang mga indibidwal ay maaaring makaranas ng mga sumusunod na epekto:

Lugar	Paglalarawan	Dalas
Lugar ng Injection	Sakit sa pinag-injectionan	Karaniwan
	Pamamaga, pamumula	Hindi karaniwan
	Pangangati	Napaka Bihira
Pangkalahatan	Sakit ng ulo, pagkapagod, sakit ng kalamnan, sakit sa kasu kasuan	Karaniwan
	Pagsusuka, lagnat panginginig	Hindi karaniwan
	Ubo, sakit sa oropharyngeal, pagtatae, dermatitis, pamamantal, mga sintomas na tila trangkaso	Napaka Bihira
	Pagkahilo, urticaria	Bihira
	anaphylactic na reaksyon,	Hindi alam ang dalas

Guillain-Barré Syndrome	
Napaka karaniwan	($\geq 1/10$)
Karaniwan	($\geq 1/100$ to $< 1/10$)
Hindi Karaniwan	($\geq 1/1,000$ to $< 1/100$)
Bihira	($\geq 1/10,000$ to $< 1/1,000$)
Sobrang bihira	($< 1/10,000$)
Hindi alam ang dala	(ang mga reaksiyon mula sa karanasan pagkatapos ng marketing; hindi kayang maestima mula sa mga nakalabas na datos)

Mga Allergic na Reaksiyon

Protina ng Itlog (Ovalbumin):

Ang mga bakuna sa trangkaso ay ginawa gamit ang proseso na gamit ang itlog sa halos 70 taon. Ang paraang ito ay may kalamangan sa paggawa ng mga bakuna pati na rin ang matatag na kaligtasan at pagiging epektibo. Subalit, ang mga indibidwal na may allergy sa itlog ay pinapayuhang kumonsulta sa kanilang doktor bago ang pagbabakuna. Bagama't mga latak at kaunti lamang na protina ng itlog ang nananatili sa bakuna, maaari pa rin nitong makapagdulot ng allergic reaction. Dahil dito, ang mga latak na dami na sinasabing maliit lamang ay madalas na hindi nakakaapekto sa karamihan ng mga indibidwal. Mangyaring ipaalam sa iyong doktor kung alam mong mayroon kang allergy sa itlog.

Thiomersal at Aluminium Salt

Ang Thiomersal ay isang mercury-based na preservative na karaniwang idinadagdag sa maraming dosis ng bakuna. Hindi ito ginagamit sa pang-isahang dosis ng bakuna o sa mga live-attenuated na bakuna sa trangkaso. Ang Aluminum salt ay ginagamit rin minsan bilang adjuvant sa ibang mga bakuna upang mapaghusay ang immune response.

Ang bakuna sa napapanahong trangkaso na makukuha sa Hong Kong sa kasalukuyan ay mga pang-isahang dosis at walang thiomersal o aluminium.

Paalala: Ang mga impormasyong ibinigay sa itaas ay hindi sumasakop sa lahat ng posibleng epekto, allergic na reaksiyon, at iba pang mga epekto o pag-iingat.

Pangkalahatang Payo

- (a) Sundin ang iskedyul ng bakuna na inirerekomenda ng iyong doktor. Ipinapayo na tumanggap ng bakuna sa trangkaso **bago mag-umpisa ang bawat panahon ng trangkaso;**

(b) Bilang karagdagan sa bakuna, ang pananatili ng **maayos na personal na kalinisan** ay importante upang maiwasan ang trangkaso:

- Madalas na maghugas ng kamay gamit ang likidong sabon at tubig, lalo nabago hawakan ang iyong bibig, ilong, o mata, at pagkatapos humawak ng mga bagay sa publiko tulad ng hawakan ng pinto o handrails; at
- Kung walang sabon at tubig at ang kamay ay hindi masyadong madumi, gumamit ng **70% - 80% alcohol-based hand rub** bilang epektibong alternatibo.

(c) Panatilihin ang **maayos na daloy ng hangin sa loob ng bahay**. Sa panahon na may trangkaso:

- Umiwas sa mga maraming tao o pampublikong lugar na may hindi magandang daloy ng hangin
- Ang mga indibidwal na may mataas na antas na panganib ay kailangang ikonsidera ang pagsusuo ng mga surgical mask sa mga naturang lugar.

(d) Panatilihin ang malusog na uri ng pamumuhay:

- Kumain ng balanseng diyeta.
- Regular na mag-ehersisyo.
- Magkaroon ng sapat na pahinga.
- Iwasan ang paninigarilyo at pangasiwaan ang antas ng stress.

(e) Ikonsidera ang ibang tao:

- Takpan ang iyong ilong at bibig gamit ang tisyu kung uubo o babahing.
- Itapon ang mga gamit nang tisyu sa basurahang may takip.
- Magsuot ng mga surgical face mask kung mayroon kang respiratory na sakit at sintomas.

Bukod sa trangkaso, mayroon ding ibang tila-trangkaso na mga sakit (ILI) na maaaring makahawa. Tangaang humingi ng medikal na payo para sa tamang diagnosis at pagllunas. Maaaring makuha ang iba pang mga detalye tungkol sa trangkaso at iba pang mga basahin sa website ng [Centre for Health Protection](#).

Komunikasyon sa Iyong Doktor

Bago tumanggap ng bakuna sa trangkaso, mangyaring ipaalam sa iyong doktor ang mga sumusunod:

- **Kasalukuyang Sakit:** Kung mayroon kay lagnat o kagagaling lamang mula sa impeksyon, ipinapayong ipagpaliban ang pagbabakuna hanggang tuluyan ka nang gumaling
- **Allergies:** Kung ikaw ay allergic sa kahit anong sangkap, ipaalam sa iyong doktor ang mga tukoy na allerfen. Makakatulong ito sa pagtukoy kung ligtas kang makakakuha ng bakuna.

Mga Tukoy na Medikal na Konsiderasyon

- **Hindi Aktibong Bakuna sa Trangkaso (IIV) at Recombinant na Bakunas a Trangkaso (RIV):**

Kung ikaw ay may kapansanan sa pagdurugo o umiinom ng mga gamot na pangpanipis ng dugo, kumonsulta sa iyong doktor bago tumaggap ng injection.

- **Live-attenuated na Bakunas a Trangkaso (LAIV):**

Ipaalam sa iyong doktor bago tumanggap ng injection kung ikaw ay:

- Nakararanas ng pagkahapo o mayroong kasaysayan ng hika
- Mayroong malubhang kondisyon sa kalusugan tulad ng diabetes, puso, bato, o sakit sa baga
- Mayroong mahinang immune system

- **Mga Kasalukuyang Gamot:**

- Mangyaring makipag usap sa iyong doktor tungkol sa ano mang kasalukuyang iniinom na gamot bago tumanggap ng bakuna.

- **Pagbubuntis:**

Ipaalam sa iyong doktor kung ikaw ay nagdadalang tao Ang **Live Attenuated na Bakunas a Trangkaso (LAIV)** ay hindi dapat gamitin sa mga buntis.

Paglabas at Porma ng mga Bakuna sa Trangkaso

Ang bakuna sa trangkaso ay mga parmasyutikong produkto na kailangang iparehistro sa **Kapulungan ng Parmasyutiko at Lason sa Hong Kong (Pharmacy and Poisons Board of Hong Kong)** bago maibenta o maipamigay sa lokal. Ang bawat bakunang nakarehistro ay idisplay ang **Numero ng Rehistro sa Hong Kong** sa format na **HK-XXXXX (limang numero)** sa pakete nito.

Maaari mong beripikahin ang rehistro ng bakuna gamit ang “**Search Drug Database**” sa opisyal na website ng Kapulungan ng Parmasyutiko at Lason:

[🔗 Search Drug Database](#)

Paalala: Ang mga bakuna sa trangkaso ay inuuri bilang medisnang kailangan ng reseta sa Hoing Kong.

Mga Uri ng Bakunas a Trangkaso na Nakarehistro sa Hong Kong

- **Hindi Aktibong Bakunas a (IIV)**
 - Form: Likidong suspension
 - Ruta: Intramuscular at/o subcutaneous injection (kadalasan ay intramuscular)
 - Itsura: Madalas ay isang-dosis na syringe na may laman na
 - Mga Makukuhang Uri: **Trivalent** (2 Influenza A + 1 Influenza B virus strain) at **Quadrivalent** (2 Influenza A + 2 Influenza B virus strains)
- **Live Attenuated na Bakuna sa Trangkaso (LAIV)**
 - Form: Likidong suspension
 - Route: Spray na ginagamit sa ilong
 - Itsura: Isang dosis na may laman nang pang-spray
 - Mga Makukuhang Uri: **Trivalent** at **Quadrivalent**
- **Recombinant na Bakuna sa Trangkaso (RIV)**
 - Form: Solution
 - Route: Intramuscular injection lamang
 - Itsura: Single-dosis na may laman nang syringe
 - Mga Makukuhang Uri: **Trivalent** at **Quadrivalent**

Pag-iimbak at Tagal ng Buhay

Ang mga bakuna sa trangkaso ay kailangang **iimbak at ilipat sa ilalim ng malamig na kondisyon** sa pagitan ng **2°C and 8°C**. **Huwag pagyeluhi** ang mga bakuna. Kailangan nang itapon ang mga bakuna na nagyelo na.

Ang mga bakuna na itinabi sa labas ng inirekomendang temperatura ay **hindi dapat gamitin**, dahil ang hindi tamang pag-iimbak ay maaaring makapagdulot ng pag-iiba sa lakas at pagiging epektibo nito.

Pagkilala: Nais magpasalamat ng Tanggapan ng Gamot ang Sentro para sa Proteksyon sa Kalusugan (CHP) at sa Propesyunal na Pag-unlat sa Quality Assurance (PD&QA) para sa kanilang importanteng kontribusyon sa paghahanda ng artikulong ito.

**Tanggapan ng Gamot
Kagawaran ng Kalusugan
Agosto 2025**